



# Ang pagtatrato sa iyo nang patas ay **iyong** karapatan. **Makipag-usap sa amin.**

## Ano ang isang Ombudsperson?

Nandito kami para siguraduhin na ang lahat sa BC ay tinatrato nang patas ng mga panlalawigan at lokal na pampublikong institusyon.

## Ano ang ibig sabihin ng hindi patas na pagtatrato?

Maaaring nangangahulugan ng maraming bagay ang hindi patas na pagtatrato. Narito ang ilang mga halimbawang tanong na nagdadala sa mga tao sa amin:

“Bakit tinanggihan ang aking aplikasyon?”

“Bakit hindi ako makakuha ng mga benepisyo na nararapat sa akin?”

“Bakit hindi ako makakuha ng mga serbisyong kailangan ko?”

“Bakit hindi ipinapatupad ng lungsod ang tuntunin?”

## Ano ang ginagawa namin?

- Nakikinig kami sa mga reklamo ng publiko.
- Ipinapaalam namin sa iyo kung may maitutulong kami. Kung hindi namin kaya, gagawin namin ang aming makakaya para sabihin sa iyo kung sino ang maaaring makatulong.
- Maaari naming imbestigahan ang iyong reklamo.
- Humahanap kami ng mga patas na solusyon.
- Pinahuhusay namin ang mga pampublikong serbisyo.

## Ano ang ilang mga posibleng resulta?

- Isang pagpapaumanhin
- Isang mas malinaw na paliwanag para sa isang desisyon
- Pagkuha sa isang benepisyong dating tinanggihan
- Pera na utang sa iyo
- Isang pagbabago sa isang patakaran o pamamaraan

**Maaari kang magkaroon ng isang taong pansuporta, nakatatanda, o isang tagapagtaguyod na naroroon.**



## Maaari kaming mag-imbestiga

- Mga ministeryo ng pamahalaang panlalawigan
- Mga korporasyon ng Korona (tulad ng BC Hydro at ICBC)
- Mga pampublikong paaralan at mga unibersidad
- Mga ospital at mga awtoridad sa kalusugan
- Mga lokal na munisipalidad at mga rehiyonal na distrito



## Hindi namin maaaring imbestigahan ang

- Mga pribadong kompanya (tulad ng mga bangko)
- Pamahalaang pederal
- Pulisya (RCMP o munisipalidad)
- Mga pamahalaan ng First Nations
- Asembleya ng Lehislatura ng BC
- Mga korte

Para makita ang listahan ng mga pampublikong ahensya na pinakamadalas naming kinokontak, tingnan ang aming online na [Complaint Checker](#).

## Bago ka makipag-ugnayan sa amin:

1. Subukang lutasin ang reklamo sa pampublikong kinatawan na patungkol ito.
2. Humingi ng pagkakataong makipag-usap sa isang superbisor o tagapamahala.
3. Subaybayan ang mga pangalan ng mga taong nakausap mo, kung kailan mo sila nakausap, at kung ano ang mga sinabi.
4. Magtabi ng mga kopya ng mga dokumentong ipinapadala mo.
5. Magtanong kung mayroong apela o proseso ng pagsusuri.

**Kung natapos mo na ang mga hakbang na ito at pakiramdam mo pa rin ay hindi ka tinrato nang patas, kung gayon ay mangyaring makipag-ugnayan sa amin na may:**

- Mga kopya ng anumang mga tala na iyong kinuha, kabilang ang mga petsa, mga pangalan, at mga resulta
- Isang paglalarawan kung paano ka personal na naapektuhan ng isyu
- Ang mga pangalan, mga tungkulin, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng organisasyon o mga kawani na iyong nakasalamuha

## Makipag-ugnayan sa amin

### Tumawag sa

1-800-567-FAIR (3247) o 250-387-5855

### Pormularyo ng reklamo online

[bcombudsperson.ca](http://bcombudsperson.ca)

### Bumisita sa

Ika-2 palapag – 947 Fort Street, Victoria, BC

### Koreo

PO Box 9039 Stn Prov Govt, Victoria, BC V8W 9A5

**Libre. Malaya. Kumpidensyal. Patas.**